**Pamagat**: Mga Katangian ng Biblical na Kaligtasan

**Texto**: Colossians 1:13 "Who hath delivered us from the power of darkness, and hath translated us into the kingdom of his dear Son:"

> *Pagsasalin*: "Siya ang nagligtas sa atin mula sa kapamahalaan ng kadiliman at inilipat tayo sa kaharian ng kaniyang pinakamamahal na Anak." (Colosas 1:13)

**Panimula**:

1. Ang kaligtasan ay kaligtasan o pagpapalaya sa sakuna. Salvation is basically a deliverance.
2. Maari itong ihalintulad sa isang kaligtasan sa isang sakuna: Ang isang taong may sakit (doktor); ang isang taong may kaso laban sa kanya (ay may abogado); ang isang tao na nalulunod (lifeguard). Ang taong makasalanan (ay mayroong Tagapagligtas – Si Jesus Christ!).
3. Ang mensahe natin ngayon ay ang likas na katangian ng kaligtasan: Deliverance (Pagpapalaya o Pagiging ligtas sa espirituwal na sakuna).

I. **Ang Biblical na Kaligtasan ay kaligtasan sa Poot ng Dios**:

A. Isa sa mga maagang katangian ng Dios ay "isang apoy na tumutupok" at "mapanibughuin" – Deut. 4:24.
B. Ang Dios ay araw-araw na galit sa mga masasama. (Ps. 7:11)
C. Sa Biblia walang malas sa tao, kundi ang poot ng Dios na ipinapakita ng Dios (Rom. 1:18)
D. Ang Dios ay banal at parurusahan niya ng matinding parusa ang lahat ng makasalanang tao.
E. John 3:36 – "Siya na sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ang hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay. Subalit ang galit (o poot) ng Diyos ay nananatili sa kaniya.

II. **Ang Biblical na Kaligtasan ay kaligtasan sa mga Espirituwal na Kalaban ng Mga Ligtas**:

A. Ang pangunahing kalaban ng tao ay kasalanan. Matt. 1:21 "Siya ay manganganak ng isang lalaki. Ang ipangangalan mo sa kaniya ay Jesus sapagkat ililigtas niya ang kaniyang mga tao sa kanilang kasalanan."
B. Ang kaligtasan ay nagdudulot ng kalayaan o kaligtasan kay Satanas. Col. 1:13. Tingnan rin ang Col. 2:15 "Inilupig na niya ng kapangyarihan ang mga pamunuan at mga kapamahalaan. Inilantad niya sila sa madla at inihayag niya ang kaniyang pagtatagumpay sa pamamagitan ng krus."
C. Ang kaligtasan ay kalayaan o kaligtasan sa pamamaraan ng mundo (kamundohan). 2 Peter 2:20 "Ito ay sapagkat nakawala na sa kabulukan ng sanlibutan ang mga taong kumikilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo." ["makatakas sa mga karumihan ng sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo"]

**Katapusan**:

1. Ang kahulugan ng kaligtasan ay kalayaan o deliverance.
2. Ito ay patungkol sa lahat ng mga nangyayari sa espirituwal na kalagayan ng tao na oras ng pagtanggap niya kay Jesus bilang Tagapagligtas, at ito ay namumunga ng lahat ng espirituwal na blessings dulot ng kaligtasan.
3. Ang kaligtasan ay ang biyaya o grasya ng Dios na inaabot ng Dios sa mga makasalanang tao na nagsisi at sumasampalataya kay Jesus. Ang tao ay hindi karapat-dapat na iligtas pero alang-alang sa sakripisyo ni Jesus inililigtas tayo ng Dios sa impyerno, sa hatol ng Dios, at sa lahat ng ating mga espirituwal na kalaban, at inilalagay tayo sa tamang relasyon sa Kanya, at dahil dito binubuhos niya ang napadakila ay yaman ng tulong ng Kanyang grasya sa anak ng Dios.